

(タガログ語)

余震について

### **Ukol sa mga aftershock**

Marahil maraming pang mga tao ang nababahala dahil tuluy-tuloy pa rin ang mga aftershock kahit isang buwan na ang nakalipas mula noong malaking lindol.

Ang unang malaking lindol ay ang tinatawag na pangunahing lindol, at ang mga lindol na kasunod ay tinatawag na aftershock.

Habang tumatagal, paunti ng paunti ang dumarating na aftershock, ngunit paminsan-minsan maaaring dumating pa ang malaking aftershock. Kahit sa mga malalayong lugar may posibilidad na magkaroon ng aftershock.

Iwasan ninyo ang paglapit sa mga gusaling mukhang masisira na at mga matatarik na dalisdid kung kayo'y nasa lugar na may nangyari nang malaking pangunahing lindol o aftershock, dahil maaaring gumuho ang gusali o gumuho ang lupa at lalong lulubha ang pinsala sa kapaligiran sa susunod na aftershock na darating.

Maaaring magkaroon nang tsunami dahil sa malakas na aftershock, kaya bantayan lamang ang mga *tsunami keiho* (babala para sa tsunami) at mga *tsunami chuiho* (payo para sa tsunami) na lumalabas.